VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

Gamitin ang Telepono Mo para Labanan ang COVID-19

COVIDWISE

Para makatulong upang manguna sa paglaban sa COVID-19, ikinagagalak na ibalita ng Virginia Department of Health (VDH) na ang COVIDWISE, ang opisyal na mobile app sa exposure notification ng COVID-19 ay ilalabas sa Agosto 5, 2020. Ang Virginia ang magiging kauna-unahang estado sa Estados Unidos na maglalabas ng exposure notification app gamit ang Apple/Google Bluetooth Low Energy framework.

Ano ang COVIDWISE?

Ang **COVIDWISE** ay ang opisyal na Exposure Notifications System (ENS) app ng Virginia na nilikha ng Virginia Department of Health sa pakikipagtulungan ng Google at Apple. Ang libreng smartphone app na ito ay magiging available sa lahat ng Taga-Virginia sa Google Play at sa App Store sa Agosto 5. Pagkatapos ma-downlod ang app, magagamit mo na ang telepono mo sa paglaban sa Covid-19, na hindi nako-kompromiso ang privacy mo o personal na impormasyon. Ang **COVIDWISE** ay gumagamit ng Bluetooth Low Energy (BLE) na teknolohiya upang agad maabisuhan ang mga user na posibleng nahawahan upang mabawasan mo ang panganib para sa mga kaibigan at pamilya mo at matulungan ang Virginia upang ihinto ang pagkalat.

Sino ang dapat gumamit ng COVIDWISE?

Lahat ng may Android o Apple phone ay mahigpit na hinihimok na mag-download at gamitin ang **COVIDWISE**. Sa pamamagitan ng sama-samang pagtatrabaho at paggamit ng bawat tool sa ating pagpapasya, mapoprotektahan natin ang atin mga sarili at ang ating mga komunidad. Ang mga menor-de-edad ay dapat humingi ng permiso na ma-download at magamit ang **COVIDWISE** mula sa isang magulang o tagapag-alaga.

Bakit mahalaga ang COVIDWISE?

Ang **COVIDWISE** ay mag-aabiso sa iyo kung posibleng nahawa ka sa ibang user ng app na nagbahagi ng positibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19. Ang pagkakaalam mo sa history ng iyong pagkahawa ay magpapahintulot sa iyo na epektibong i-quarantine ang sarili, humingi ng agarang medikal na atensyon, at bawasan ang panganib ng potensiyal na pagkahawa sa inyong pamilya, mga kaibigan, mga kapitbahay, at mga kasamahan. Mas maraming Taga-Virginia ang gumagamit ng **COVIDWISE**, mas malaki ang tsansa na makatanggap ka ng napapanahong mga notipikasyon ng pagkahawa na nagdudulot ng epektibong pagsugpo sa sakit.

Protektado ba ang privacy?

OO! Lubhang siniseryoso ng VDH ang privacy. Ang bawat user ay magpapasya na mag-opt-in o hindi para makatanggap ng Mga Exposure Notification (Notipikasyon ng Pagkalantad), at kung ang isang tao ay na-diagnose ng COVID-19, nasa kanila kung ibabahagi nila o hindi ang kanilang resulta sa pamamagitan ng **COVIDWISE**. Walang lokasyon ng data o personal na impormasyon ang kinokolekta, iniimbak, o inililipat sa VDH. Maari mong burahin ang app o isara ang Mga Exposure Notification anumang oras.

Paano gumagana ang COVIDWISE?

Ang **COVIDWISE** ay gumagana gamit ang mga random Bluetooth key na nagbabago kada 10-20 minuto. Ang mga teleponong may naka-install na app ay magbabahagi ng mga random key na ito nang hindi nakikilala kung nasa loob lang sila ng nasasakupan. Ang mga positibong resulta sa COVID-19 na sinumite ng ibang mga app user ay sinusuri ayon sa listahan ng mga random key na na-encounter nito sa huling 14 na araw. Kung may katugma, aabisuhan ng **COVIDWISE** ang indibidwal, na isinasaalang-alang ang petsa at tagal ng pagkahawa, at ang lakas ng Bluetooth signal strength ang ginagamit upang tantiyahin ang lapit.

Paano ko mada-download ang COVIDWISE?

Ang LIBRENG app ay mada-download sa pamamagitan ng App Store at Google Play Store.

Download on the App Store | GET IT ON Google Play

COVIDWISE.org | covidwise@vdh.virginia.gov